

# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa Panlabas na Kainan sa Panahon ng COVID-19 Utos ng Estado

### **Kamakailang mga Pagbabago:**

6/27/20: Nagbigay ng karagdagang paglilinaw tungkol sa kung ano ang dapat na isuot ng mga kawani kung hindi sila makapagsusuot ng isang pantakip ng mukha, at nagbigay ng paglilinaw tungkol sa kung sino sa mga tagapagtangkilik (patrons) ang hindi kinakailangang magsuot ng mga pantakip ng mukha.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay ipinagtitiyag ang isang niyugtuang pamamaraan, suportado ng siyensya at kaekspertuhan sa pampublikong kalusugan, para payagan ang mga tao na magsimulang gamitin muli ang mga pampublikong lugar sa mga paraan na lilimitahan ang panganib ng pagkakalantad sa COVID-19. Nilalayan ng gabay na ito na magbigay ng mga konsiderasyon para sa mga Operator ng mga Lungsod o Pasilidad ng Pagkain na may mga katanungan tungkol sa pagsasaayos ng mga lugar sa panlabas na kainan sa panahon ng yugto ng pagbangon mula sa COVID-19. Mahalagang isaalang-alang ang mga hakbang na ito na nasa ibaba upang magamit ang mga espasyo sa panlabas na kainan sa paraan na pinananatiling malusog ang lahat.

**1. Mga Pila sa Take-out** - Ang operator ng pasilidad ng pagkain ay responsable sa pagtitiyak at pagsusubaybay sa panlipunang/pisikal na pagdistansya ngunit maaaring kailanganin ng tulong mula sa mga opisyal ng batas o sa tagapagpatupad ng code kung ang mga miyembro ng publiko ay naging mapagpasaway sa mga operator ng pasilidad ng pagkain. Isaalang-alang ang pagbubuo ng mga pamantayan para sa paggamit ng pare-parehong marka sa sahig na ginagamit para gabayan ang panlipunang/pisikal na pagdistansya.

**2. Mga Pantakip ng Mukha** - Ang mga kawani sa pagsisilbi (wait staff) ay dapat na gumamit ng parehong telang pantakip ng mukha at isang panangga sa mukha (face shield) habang nakikipag-ugnayan sa mga tagapagtangkilik na hindi nakamaskara. Ang mga kawani na hindi saklaw sa pagsusuot ng pantakip ng mukha dahil sa isang medikal na kondisyon at nagtatrabaho sa isang tungkulin na kinabibilangan ng regular na pakikisalamuha sa ibang mga tao ay dapat na magsuot ng isang alternatibong kasuotan na hindi hirap sa paggalaw, tulad ng isang panangga sa mukha na may maluwag na tela sa ibabang dulo, hangga't ang kanilang medikal na kondisyon ay pinahihintulutan ito. Ang isang maluwag na tela na kasyang-kasya sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga tagapagtangkilik ay inatasan na magsuot ng mga telang pantakip ng mukha kapag sila ay nakaupo sa kanilang mga mesa MALIBAN kung hindi nila kayang tanggalin ito sa sarili nila, may kahirapan sa paghinga, o sinabihan ng kanilang medikal na tagapagbigay na huwag magsuot nito. Tandaan na ang Mga Bata na wala pang 2 taon gulang (kabilang ang mga sanggol) ay hindi dapat magsuot ng mga telang pantakip ng mukha at ang mga nasa edad sa pagitan ng 2 at 8 ay dapat na gumamit nito ngunit sasailalim sa pangangasiwa ng matanda.

**3. Panlabas na Kainan** – Kung nasa bangketa – dapat na ipagkaloob ang isang hindi tinatagusan at nalilinis na harang na hindi bababa sa 6 na talampakan ang taas para protektahan ang mga kumakain mula sa mga taong naglalakad (pedestrians) kung ang 6 na talampakang panlipunang/pisikal na pagdistansya ay hindi maaaring magawa. Ang mga opisyal ng lokal na pagsosona ay dapat na masangguni kung ang mga mesa ay ilalagay sa mga bangketa o sa mga lugar ng paradahan.

# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa Panlabas na Kainan sa Panahon ng COVID-19 Utos ng Estado

- 4. Paghiwalayin ang lugar ng Order at mga Paghahatiran at mga Pickup sa Tabing-kurbada –** Ang mga negosyo ay dapat na hikayatin, kung sila ay nagkakaloob ng take out, na magkaroon ng hiwalay na lugar ng order at mga paghahatiran – Ang mga opisyal ng lokal na pagsosona ay dapat na masangguni kung ang mga puwesto/sona ng paradahan para sa tabing-kurbada na pickup ay kailangan.
- 5. Mga Online na Order at Reserbasyon –** Ang mga negosyo ay hinihikayat na magkaroon ng online na pag-oorder at pasimulan ang paggamit sa isang proseso ng reserbasyon upang huwag maghikayat ng pagtitipon sa mga lugar ng hintayan.
- 6. Magtalaga ng mga Magsusubaybay –** Magtalaga ng mga ambasadador para tumulong subaybayan ang mga kasanayan sa panlipunang/pisikal na pagdistansya sa mga panahong abala.
- 7. Paglilinis at Pagdidisimpekta para sa mga Pampublikong Lugar –** Pasimulan ang isang plano na may mga pamamaraan para sa pagdidisimpekta ng mga ibabaw na madalas mahawakan tulad ng mga bangko, banyo, hawakan, mga push button sa ilaw ng trapiko, atbp. Gumamit ng mga produkto na aprubado para sa paggamit laban sa COVID-19 na nasa aprubadong listahan ng Environmental Protection Agency (EPA) at sundin ang mga tagubilin ng produkto: <https://www.epa.gov/pesticide-registration/listn-disinfectants-use-against-sars-cov-2>
- 8. Magpaskil ng mga Paalalang Karatula –** Magpaskil ng karatula para paalalahanan ang mga tao tungkol sa mga pantakip ng mukha, panlipunang/pisikal na pagdistansya at pananatili sa bahay kapag may sakit na may mga sintomas ng COVID-19.
- 9. Pansamantalang Panlabas na Kainan sa Plaza –** Kung ang mga mesa o iba pang mga pag-upo para sa kainan ay magagamit, pasimulan ang isang plano at mga pamamaraan para maglinis at mag-sanitize sa pagitan ng mga paggamit. Ang isang plano para sa trapiko ng mga taong naglalakad ay dapat ring isaalang-alang sa mga panahong mas abala.
- 10. Mga istasyon sa paghuhugas ng kamay o mga dispenser ng Hand Sanitizer (may pinakamababang 60% na alkohol) –** Isaalang-alang ang paglalagay ng mga istasyon sa paghuhugas ng kamay o walang kontak na mga dispenser ng hand sanitizer sa mga pampublikong lugar.